

Pahayag sa Batas ng Pagkapribado: Nagpapaliwanag ito kung paano namin gagamitin ang impormasyong ibinibigay ninyo sa amin. Kinakailangan ng National School Lunch Act ang impormasyon sa kahilingang ito Hindi ninyo kailangang magbigay ng impormasyon, ngunit kung hindi kayo magbigay, hindi namin maaaprubahan ang inyong mga anak para sa libre o binawasang presyo ng pagkain. Ang huling apat na digit ng Social Security Number ng nasa hustong gulang na kasapi ng sambahayan na siyang lumagda sa aplikasyon ay kailangan maliban kung inilista ninyo ang bilang ng kaso ng Mga Food Stamp, SNAP o TANF para sa lahat ng bata na ini-aaplay ninyo, O kung nag-aaplay kayo para sa isang Tinatangkilik na Bata (Foster Child). Kailangang tsekan ninyo ang kahon ng "Wala akong Social Security Number" kung ang nasa edad na miyembro ng sambahayan na pumirma sa kahilingan ay walang Social Security Number. Gagamitin NAMIN namin ang inyong impormasyon upang matiyak kung ang inyong mga bata ay ankop para sa libre o binawasang presyo ng pagkain, upang patakbuhin ang programang ito, at upang ipatupad ang mga alituntunin ng programa.MAAARING ibahagi namin ang impormasyon ng inyong kaangkupan sa programa ng edukasyon, kalusugan, at nutrisyon upang tulungan silang tasahin, pondohan, o alamin ang mga benepisyo para sa kanilang mga programa, sa mga auditor sa pagsusuri ng programa, at sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas upang tulungan silang matyagan ang anumang kamalian sa paggamit sa mga alituntunin ng programa. **Pahayag para sa Di-pagtatangi:** Nagpapaliwanag kung ano ang gagawin kung tinato kayo nang di-makatarungan. Alinunod sa batas ng Federal at polisiya ng U.S. Department of Agriculture, ang institusyong ito ay pinagbabawalan sa pagtatangi batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan. Upang maghain ng reklamo ng diskriminasyon o pagtatangi, sumulat sa USDA, Director, Office of Civil Rights, 1400 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20250-9410, o tumawag sa (800) 795-3272 o (202) 720-6382 (TTY). Ang USDA ay tagapagbigay ng pantay na oportunidad at employer.

MGA PANUTO SA PAGHILING

A. MANGYARING BASAHIN NANG MAAYOS; ANG DI-KOMPLETONG MGA KAHILINGAN AY KAILANGANG ISAULI.

- B. Ang mga pangalan ng estudyante ay dapat kaparehong-kapareho sa pagkarehistro nito sa paaralan
- C. Ang panahon ng pagpoproseso ay 10 may trabahong araw
- D. Ang mga sulat ng paunawa ay ikokoreo sa nakarehistrong address. Ang mga pagbabago ng address ay kailangan ding baguhin kasama ng mga paaralan.

BAHAGI 1 - INAARUGANG BATA (FOSTER CHILD)

Pagbabago ng aplikasyon sa taon na ito Ang mga tinatangkilik na bata (foster children) ay maaari na ngayong ilista sa (Ika-3 Bahagi kasama ng ibang mga estudyante na ini-aaplay ng pamilya. DAPAT matsekan ang kahon ng tinatangkilik na bata (foster child), at ang kita para sa personal na gamit ng tinatangkilik na bata, o DAPAT MATSEKAN ang box ng Walang Kita.

BAHAGI 2- TULONG/KUPON PARA SA PAGKAIN (FOOD STAMP)

Ilista ang kasalukuyang Kupon para sa Pagkain/ATAP o numero ng TANF Kung ang mga bata sa Ika-3 bahagi ay may bilang ng kaso na kaiba mula sa nasa Ika-2 Bahagi, gumamit ng hiwalay na aplikasyon para sa mga batang iyon. Kompletuhin ang Bahagi 2, lahat ng Bahagi 3 at pirmahan ang kahilingan. Kung ang sinuman sa mga bata sa Ika-3 Bahagi ay hindi sakop ng alinmang numero ng kaso, gumamit ng hiwalay na aplikasyon para sa kita.

BAHAGI 3- Impormasyon tungkol sa Estudyante; KOMPLETUHIN ANG BAHAGING ITO NG LAHAT NG SAMBAHAYAN

Siguruhing ilista ang lahat ng iyong mga anak SA MGA PAARALAN NG DISTRITONG ITO KUNG SAAN KA NAGHAHARAP NG KAHILINGAN. Kompletuhin ang LAHAT ng impormasyon sa bahaging ito. DAPAT mong ilista ang kabuuang buwanang kita o lagyan ng tsek ang walang kita para sa bawat batang nakalista. Ilista ang ibang mga bata na HINDI mo hinaharapan ng kahilingan, sa ilalim ng Bahagi 4 kasama ang natitirang miyembro ng sambahayan.

BAHAGI 4 - Lahat ng Iba Pang miyembro ng Sambahayan

Isulat ang mga pangalan ng bawat miyembro ng sambahayan, kabilang ang sarili ninyo, may relasyon man o wala. Huwag isali ang mga pangalan ng mga estudyanteng nasa Bahagi #3 Kailangan ninyong ilista ang kabuuang buwanang kita o tsekan ang walang kita para sa bawat miyembrong nakalista. Kung self-employed o nagtatrabaho sa sariling negosyo, gamitin lang ang isinaayos na kabuuang kita. (Kitang binawasan sa mga gastos) **MILITAR:** Kailangang ilista ang lahat ng kinikita, kasama na ang [entitlements], maliban sa [on-based privatized housing o most deployed pay]. Kung ang [combat pay]na tinatanggap ay kasama sa [basic pay] dahil sa [deployment] at ito ay hindi natanggap bago sila na-deploy, ang naturang [combat pay] ay hindi kabilang sa kinita.

BAHAGI 5 -Kabuuang Miyembro ng Sambahayan

Pagsamahin ang mga pangalan sa #3 at #4

KITANG I-UULAT

I. Kinita mula sa Panunungkulan:

Sahod/Suweldo/Mga pabuya
Mga Benepisyo sa Pag-aaklas
Kompensasyon sa Walang Trabaho
Kompensasyon sa Manggagawa
Netong kita mula sa Sariling Pag-aaring Negosyo

II. Pensyon/Pagreretiro:

Pensyon
Mga Benepisyo sa Supplemental Security
Kita sa pagreretiro
Mga Kabayaran sa Pagiging Beterano
Social Security

III. Iba pang Kita:

Anumang iba pang kita
Pagkuha ng pera mula sa negosyo o sakahan/hayupan
Mga Benepisyo sa Pagiging May Kapansanan
Tubo/Dibidendo
Kita mula sa Ari-arian/Trusts/Pamumuhunan
Regular na kontribusyon mula sa iba pang taong di-nakatira sa sambahayan
Netong Royalties, Annuities
Kita sa Pagpapauapa
Dibidendo ng Katutubo na lampas sa \$2,000 bawat tao kada taon
Tulong ng Pamahalaan
Mga Kabayaran sa Suporta sa Bata
Sustento sa Asawa
Pangalawang Trabaho

BAHAGI 6 -Walang Tirahan, Mandarayuhan, Naglayas: kung may bata kang ipinalista na masasabing (H) Walang Tirahan (M) Mandarayuhan o (R) Naglayas, lagyan ng tsek ang angkop na kahon at tumawag sa CIT/Homeless liaison sa numerong 742-3833 o sa Migrant Education sa numerong 742-4275.

BAHAGI 7 - Permanent Fund Dividend (PFD) ng Alaska.

KINAILANGANG KOMPLETO ang bahaging ito

Ilista ang bilang ng lahat ng miyembro ng sambahayan na may PFD na nakapangalan sa kanila, ngunit kinuha ito sa kanila nang buo o bahagi lamang o kaya'y hindi nila ito natanggap.

KAILANGAN ANG ZERO sa angkop na espasyo kapag hindi umiiral sa kasalukuan ang PFD sa alinmang miyembro ng pamilya.Kakalkulahin ng Nutrisyon ng Estudyante ang batay sa buwanang pagbabahagi ng kita ng PFD ng sambahayan, na idinagdag sa buwanang kita.

BAHAGI 8 - SOCIAL SECURITY NUMBER

Lahat ng Kahilingan ay kailangang may pirma ng nasa edad na miyembro ng sambahayan. Dapat itala ng lumalagda ng aplikasyon ang huling apat na digit ng kanilang Social Security number. Kung ang pumipirma ay walang Social Security number, kailangang tsekan nila ang kahong tumutukoy nito. Ang mga kahilingan para sa mga Kupon para sa Pagkain, ATAP, TANF at INAARUGANG BATA ay hindi nangangailangan ng Social Security number.

BAHAGI 9 - Pirma

Bawat kahilingan ay kailangang pirmahan ng nasa edad (21 o higit) na nagkompleto sa aplikasyon o kahilingan.

Aplikasyon/Kahilingan sa Online

Ang kahilingang ito ay nasa website ng Anchorage School District (www.asdk2.org) Iklik ang "meals" sa ilalim ng bahagi ng Parents/Students. Maaari ninyong kompletuhin at i-download ang inyong aplikasyon, ngunit hindi makakahiling nang online sa ngayon.

Student Nutrition Department
1307 Labar Street
Anchorage, AK 99515-3516
Telepono: (907) 348-5145
Fax: (907)348-5233
Oras: Lunes-Biyernes 7:30am - 4:00 ng hapon